

# DALAMHATI AT LUWALHATI

## Kahalagahan ng Wika sa Theology

Federico Villanueva

### Introduction

*Maong ya kabwasan ed sikayon amin.* Yan ang pagbati ng “magandang umaga sa inyong lahat” sa salitang Pangasinan. Ako po ay tubong Sta. Barbara, Pangasinan. Alam niyo ba na sa Pangasinan unang isinalin ang Biblia? Ang unang salin sa anumang wika sa Filipinas ay ang Ebanghelyo ayon kay Lukas sa Pangasinan. Naaalala ko pa ang itim na lumang Pangasinan Bible ng lolo ko, na nagsilbing deacon sa Tuliao Baptist Church, Sta Barbara Pangasinan.

Ang ating paksa ay hindi patungkol sa Bible translation, pero may kaugnayan din ito dahil bibigyan natin ng diin ang kahalagahan ng ating wika. Ipapakita ko ang kahalagahan ng ating sariling wika sa pang-unawa sa Biblia at teolohiya. Tatalakayin natin ang Tagalog na salitang “dalamhati” at “luwalhati” at ang ambag nito sa biblikal iskolarsiyip patungkol sa hibik (“lament” sa wikang Ingles).<sup>1</sup> Bagama’t napakarami ng pagtalakay sa hibik mula sa biblikal, teolohikal, sikolohikal, pastoral, sosyolohikal, at iba pang disiplina,<sup>2</sup> wala pang ginagawang pag-aaral patungkol sa dalamhati at luwalhati kaugnay sa mga hibik sa Biblia.

### Kahalagahan ng wika

Mahalaga ang wika. Ayon sa Filipinong Antropologo na si Prospero R. Covar, sa “wika [pasalita man o pasulat] . . . nakapaloob ang kultura.”<sup>3</sup> Kalakip sa ating wika

---

<sup>1</sup>Nakakalungkot dahil mas alam pa ng marami ang Ingles na salitang “lament” o ang Espanyol na “lamentacion” kaysa sarili nating salitang “hibik.” Makasaysayan ang salitang ito at napakayaman. Tatalakayin ko ito sa pag-aaral na ginagawa ko patungkol sa hibik at himagsik sa teolohiya at kulturang Filipino.

<sup>2</sup>Isa sa pinakaunang pagtalakay dito ang isinulat ni Joachim Begrich, “Das Priesterliche Heilsorakel,” ZAW 52, no. 1 (1934): 81–92. Joachim Begrich, „Das Priesterliche Heilsoraker,“ zaw 52. NO. 1 (1934): 81-92. Para sa sarbey ng mga akda patungkol sa paksang ito, tingnan ang Federico G. Villanueva, *The “Uncertainty of a Hearing”: A Study of the Sudden Change of Mood in the Psalms of Lament*, Supplements to Vetus Testamentum (Leiden: Brill, 2008).

<sup>3</sup>Prospero Reyes Covar, “Kultura ng Wika,” in *Mga Babasahin Sa Sikolinggwistikang Filipino*, ed. Lilia F Antonio, Anatalia G Ramos, and Albano-Aura Abiera (Quezon City, Philippines: C & E Publishing, Inc., 2011), 46. Prospero Reyes Covar, “Kultura ng Wika,” in *Mga Babasahin sa Sikolinggwistikang Pilipino*, ed. Lilia Antonio, Anatalia G. Ramos, at Albano –Aura Abiera (Quezon City, Philippines: E & E Publishing, Inc., 2011), 46. Dagdag pa niya: “Magkalakip ang ugnayan ng wika at kultura” (46).

ang ating pagkakakilanlan (identity). Sa ating wika nahahayag kung ano ang totoo sa atin. Makikita natin ito halimbawa sa salitang “rice” sa Tagalog. Sa Ingles, iisa lamang ang salita para sa rice – “rice.” Pero sa Tagalog napakarami. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga ito:<sup>4</sup>

yung halaman ay tinatawag na “palay”  
 pag inani na at tinanggal ang balat/husk, ang tawag na ay “bigas”  
 kapag isinaing ang bigas ang tawag ay “kanin” yung pagsasaing ng kanin kapag  
 dinagdagan ng maraming tubig ito ay nagiging lugaw kapag medyo nasobrahan ang  
 pagsaing at nasunog ang ilalim, ang tawag naman dito ay tutong  
 pwede ulit iluto ang sinaing para maging sinangag (fried rice)  
 ang kanin nagiging kakanin, bibingka (rice cake), puto (rice muffin) suman (ito ang  
 paborito kong gawa ng lola ko sa Pangasinan tuwing pasko!) at marami pang iba!  
 Katulad ng Basi—rice wine.

Ang wika natin mismo ang nagsasabing mahilig tayo sa rice. Kaya sikat ang *Mang Inasal* dahil meron silang unli-rice. Ang sarili nating wika mismo ang nagpapatotoo tungkol dito. Tama nga naman dahil gaya ng sinabi ni Mina Ramirez, “Hindi ba ang sariling wika ang tanging nagbibigay pagkakilanlan (identity)?”<sup>5</sup> “Ang wika ay nagsasalita,” pahayag ng German philosopher na si Martin Heidegger.<sup>6</sup> Ayon sa Heswitang Anthropologist na si Albert Alejo, “ang salita ay isang uri ng ‘pagsasabi ng tapat.’”<sup>7</sup>

Ang wika ay hindi lamang nagpapahayag ng kung sino tayo, ito rin ang nagpapahiwatig ng ating *worldview* o pananaw sa mundo. Paliwanag ng nagpasimula ng “Sikolohiyang Pilipino” na si Virgilio Enriquez at ni Amalia Alfonso, “ang yaman ng bokabularyo ang makapagpapahiwatig sa pananaw sa mundo.”<sup>8</sup> Napansin nina Enriquez, halimbawa, na ang Tagalog ay mayaman sa mga salitang may kinalaman sa pagpapahayag ng damdamin, gaya ng mga salitang tampo (paano mo ito isasalin sa Ingles?), sama ng loob, hinanakit, at galit.<sup>9</sup> Kung paanong napakarami nating salita para sa Ingles na “rice,” ganun din sa mga salitang may kinalaman sa masasakit o mapapait na damdamin. Ewan ko kung bakit mas marami tayong salita para sa mga itinuturing na ‘negatibong’ emosyon gaya ng dalamhati kaysa sa positibong emosyon

<sup>4</sup>Tingnan: <https://www.tagalog-dictionary.com/search?word=rice> (accessed September 7, 2022).

<sup>5</sup>Mina M. Ramirez, “Kaalaming Kulandong,” in *Pamamaraan: Indigenous Knowledge and Evolving Research Paradigms*, ed. Teresita B Obusan (Quezon City: Asian Center, University of the Philippines, 1994), 44.

<sup>6</sup>Albert E. S.J. Alejo, *Tao Po! Tulo: Isang Landas Ng Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao* (Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press, 1990), 46.

<sup>7</sup>Alejo, 48.

<sup>8</sup>Virgilio G. Enriquez and Amelia B. Alfonso, “Ang Pananaw sa Buhay at Weltanschauung na Mahihiwatigan sa Sikolohiya ng Wikang Tagalog,” in *Mga Babasahin Sa Sikolinggwistikang Filipino*, ed. Lilia F Antonio, Anatalia G Ramos, and Albano-Aura Abiera (Quezon City, Philippines: C & E Publishing, Inc., 2011), 83.

<sup>9</sup>Enriquez and Alfonso, 83.

gaya ng luwalhati. Ito ba ay sadyang likas sa atin o dulot na rin ng ating mga mapapait na karanasan na likha di lamang ng ating kapaligiran (halimbawa mga bagyo at lindol) kundi ng mahabang panahon ng pagkakapailalim sa mga dayuhang mananakop. Halimbawa na rito ang ating Pambansang makata na si Balagtas na sumulat ng “Labindalawang Sugat ng Puso.”<sup>10</sup> Kasama rito ang ating paksa – dalamhati:

Hirap, Kalungkutan, Dalita’t Hinagpis

Pighati at Dusa, Dalamhati’t sakit

Paninibugho’t sindak, Bagabag, ligalig

Umuuwing lahat sa aba kong dibdib.<sup>11</sup>

Isang bagay ang maliwanag: matimbang ang pandama para sa atin. Di-tulad ng mga taga-Kanluran na may gawing rasyonal at lohikal kung mag-isip, ang mga Pilipino ay mas pinapakiramdaman ang mga bagay-bagay. Ang ating pamamaraan ng pagbibigay-kahulugan sa ating mundo ay sa pamamagitan ng pagdama. Ito, ayon kay Jose de Mesa, ang ating “indigenous hermeneutics which highlights the affective-intuitive aspect of the interpretative act.”<sup>12</sup> Hindi ibig sabihin nito na nakabatay lamang tayo sa damdamin. Kasama sa pandama ang pag-iisip.<sup>13</sup>

Marahil, isang dahilan kung bakit hindi pa talaga namumunga ang Kristiyanismo sa ating bayan bagama’t daan-daan taon na ang lumipas nang dalhin sa atin ang Kristiyanismo ay sapagkat hindi naisa-kultura ang mensahe sa Filipino.<sup>14</sup> Hindi tumalab sa loob. Hanggang ngayon ang namamayaning wika ng teolohiya ay dayuhan. Nanatiling western din ang pamamaraan. Masyadong rasyonal at lohikal kaya’t hindi naramdaman sa loob. Para sa atin kasi mahalaga yung nararamdaman natin. Hangga’t hindi natin nararamdaman, hindi pa talaga tumatalab, hindi pa pumapasok sa loob, nananatili sa labas.

Kaya hanggang ngayon nananatili ang tinatawag ni Jaime Bulatao, S.J., na “split-level” Christianity<sup>15</sup> sa ating bansa. Kaya tinawag na “split-level” sapagkat may dalawang lebel – ibabaw at ilalim. Sa ibabaw, maraming Filipino ang anyong Kristiyano, pero sa ilalim ay nananatiling ‘pagano.’ Nagbigay si Bulatao ng isang ilustrasyon. Binigyan daw ng isang gifted na parrot ang isang madre superior. Tuwang-

<sup>10</sup>Sinipi ni Bienvenido Lumbera, *Tagalog Poetry, 1570-1898: Tradition and Influences in Its Development* (Quezon City, Metro Manila: Ateneo de Manila University Press, 1986), 110.

<sup>11</sup>Lumbea, 110.

<sup>12</sup>Jose M. De Mesa, “Buhay Karanasan Aral at Turo: A Filipino Hermeneutics of Experience,” *East Asian Pastoral Review* 32 (1995): 258.

<sup>13</sup>De Mesa, 259. Holistic ang ating pagtingin. Kapag sinabi nating, “pakiramdam ko ito ang dapat gawin,” hindi lamang ito tumutukoy sa feeling natin kundi kung ano ang napagpasyahan na natin sa ating isipan.

<sup>14</sup>Rebecca Cacho, “Faith as Dialectical Interplay of Affection and Cognition in Newman and ‘Pandama’ of Filipino Christians,” *Asian Horizons* 7, no. 3 (2013): 595–96.

<sup>15</sup>Jaime C Bulatao, “Split-Level Christianity,” in *Phenomena and Their Interpretation: Landmark Essays, 1957-1989* (Manila: Ateneo de Manila University Press, 1992), 22–31.

tuwa siya at ipinagmalaki ang parrot sa mga kasamang madre. “Tingnan niyo,” ang sabi niya, “kung ano ang mangyayari kapag hihilain ko ang kanang paa ng parrot.” Hinila niya ang kanang paa at ang parrot, mata’y nakatingin sa ibaba, ay nag-recite ng “Our Father.” Saulado niya ang buong panalangin! “Tingnan niyo naman ang mangyayari kapag ang kaliwang paa niya ang hihilahin ko.” Hinila niya. Ni-recite ng parrot ang buong Hail Mary. Mahusay! Pero ano kaya ang mangyayari kapag hinila nang sabay ang kanan at kaliwang paa ng parrot? Ito ang tanong ng isang madre sa sarili. Hindi nakapagpigil sa sarili at hinila nang sabay ang dalawang paa ng parrot. Nagulat ang parrot at ang sabi: “Putres, madadapa ako!”<sup>16</sup>

### Panay Ingles

Bagama’t saulado ang dasal, lumabas din ang natural. Ganyan marahil ang katotohanan sa pagka-Kristiyano ng mga Filipino. Isa sa dahilan kung bakit nagkaganito ay dahil sa halip na isa-kultura ang Kristiyanismo, nanatiling dayuhan ito. Makikita natin ito hanggang ngayon. Tingnan niyo ang ating mga seminaryo at ang pagtuturo ng teolohiya maging sa ating mga Katolikong unibersidad. Ang wika ay panay Ingles. Ang mga aklat at artikulong binabasa at pinapabasa sa mga estudyante panay Ingles. Pati ang medium of instruction ay Ingles.<sup>17</sup> Kaya may punto ang sinabi ng social anthropologist na si Melba Maggay, “I don’t want to go to theological school because I don’t want to be colonized twice.”<sup>18</sup>

Isa sa mga dahilan kaya hindi natin napagyayaman ang teolohiya sa ating bayan ay dahil hindi natin ginagamit ang ating sariling wika. Ayon sa German philosopher na si Hans-Georg Gadamer, “language is ... is the reservoir of tradition and the medium in and through which we exist and perceive our world.”<sup>19</sup> Nagsulat si Gadamer sa kanyang sariling wika. Isinalin lamang sa Ingles ang kanyang mga isinulat. Ang mga highly influential na aklat gaya ng *Pedagogy of the Oppressed* ni Paulo Freire at *Theology of Liberation* ni Gustavo Gutierrez ay hindi isinulat sa Ingles kundi sa wika ng mga sumulat (halimbawa, sa kaso ni Gutierrez, sa Espanyol). Dahil umusbong mula sa kanilang sariling kultura at konteksto at dahil nagsulat sila sa kanilang sariling wika, mas naging natural ang kanilang pagteteolohiya. May lalim at yaman ang mga ito na maaaring pakinabangan ng ibang mga bansa. Hindi sila gaya-gaya, sila ang

---

<sup>16</sup>Bulatao, 22.

<sup>17</sup>Tinanong ko ang aming coordinator sa isang theology department kung pwede akong magturo ng teolohiya gamit ang Filipino, hindi raw pwede. Nang tinanong ko kung bakit hindi pwede, ang sagot ay kasi hindi pa nakakakuha ng Filipino 1 at 2 ang mga estudyante. Filipino lahat ng estudyante sa klase ko, pero hindi ako pwedeng magturo sa Filipino! Only in the Philippines!

<sup>18</sup>Sinambit ni Melba Maggay ito sa okasyon ng Asia Theological Association theological forum (Hulyo 31-Agosto 2, 2018). Siyempre hindi naman lahat ng seminaryo ay ganito. Meron na ring mga nagbago. Pero karamihan pa rin ay nananatiling western sa approach sa pagte-teolohiya at pag-aaral ng Biblia.

<sup>19</sup>Hans-Georg Gadamer, *Philosophical Hermeneutics : Translated and Edited by David E. Linge.*, ed. David E. Linge (Berkeley: University of California Press, 1976), 29.

ginagaya. Ngayon may Korean translation na rin ang *Theology of Liberation* ni Gustavo Gutierrez.

Kailan kaya darating ang panahon na tayo naman ang isasalin mula sa ating sariling wika patungong Ingles, German, at Korean?<sup>20</sup> Sa ngayon, malayong mangyari pa ito dahil ang kakaunting Filipino biblikal iskolar at teologo na nagsusulat ay hindi nagsusulat sa Pangasinan o Ilokano o Tagalog o Bisaya, kundi sa Ingles. Kahit ang aklat na tumutukoy sa pag-angat ng mga teolohiyang Filipino – *The Rise of Filipino Theology* – ay isinulat sa Ingles!<sup>21</sup> Kahit unang naisalin ang Biblia sa Pangasinan, wala akong alam na isinulat na aklat sa teolohiya o biblikal na sanaysay na akademiko sa Pangasinan. Sana meron, at please let me know kung may alam kayo.

Ang sabi ng ating pambansang bayaning si Jose Rizal: “Bawat bansa ay may sariling paraan ng pagsasalita kung paanong bawat isa ay may sariling paraan ng pagdama [note: binanggit dito ang “pagdama”], ... Wika ang paraan ng pag-iisip ng isang bayan.”<sup>22</sup> Samakatwid, kung panay Ingles lamang ang ating ginagamit, hindi natin pinapayaman ang sariling atin, kundi ang ibang bayan (swerte naman ng mga Amerikano’t British, laging ginagamit ang wika nila). Gaya ng sinabi ni Ramirez: “Kung ating pinapalagay na ang wika ay nakaugat sa ating buhay, ang pagsasalita sa Kastila at Ingles ay pagpapalaganap ng buhay ng mga Kastila o ng mga Amerikano – buhay-banyaga, buhay-kanluranin.”<sup>23</sup>

Naaalala ko ang isang panayam ko sa isang Amerikano sa isang pagtitipon na may kinalaman sa mga aklat. Isa sa mga nabanggit na aklat ay ang best-selling book na *Purpose-Driven Life* ni Rick Warren. Best seller ito sa Filipinas. Sa katunayan, isang publishing house ang nakapagtayo ng isang buong building mula sa kinita sa pinagbentahan ng aklat na ito. Hindi ko na maalala kung paano napunta sa aklat ni Warren ang usapan namin ng Amerikano. Pero hindi ko malilimutan ang sinabi niya sa akin: “You don’t need an American to know what your purpose in life is.” Ang mabilis na sagot ko: “Of course!” Pero nang napag-isipan ko’ng mabuti pagkatapos ng aming pag-uusap, nalungkot ako kasi hanggang ngayon nakadepende pa rin tayo, kahit matapos ang 500 taon mula nang dumating sa atin ang Kristiyanismo, sa mga dayuhan. Kaya nga kailangan pang isang Amerikano ang magturo sa atin kung ano nga ba ang “purpose” ng buhay natin. Sa larangan ng pagteteolohiya, nagsisimula pa lamang tayo. Pahayag ng yumaong Filipinong teologong si Ka Jose De Mesa: “wala pang kaugaliang teolohiko ang Filipinas na masasabi na ‘sariling atin.’ Nagsisimula

---

<sup>20</sup>Sa larangan ng kasaysayan, mabuti at may naisalin na mula Filipino tungong Espanyol – ang akda ni Zeus Salazar na “Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabisasnan.” Ito ay isinalin ng Espanyol na propesor ng Universidad de Alicante na si Isaac Donoso bilang “Pantayong Pananaw Como Discurso Civilizacional” (nailimbag po ito sa isang dyornal sa Espanya, ang *Revista Filipina* 2:2 [2015]: 5-22).

<sup>21</sup>Dindo Rei M. Tesoro and Joselito Alviar Jose, *The Rise of Filipino Theology* (Pasay City: Paulines, 2004).

<sup>22</sup>José Rizal, *The Subversive (El Filibusterismo)*, trans. Leon Ma. Guerrero, [1st American ed.] (Bloomington: Indiana University Press, 1962), 50. Sinipi sa Alejo, *Tao Po! Tuloy: Isang Landas Ng Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao*, 123.

<sup>23</sup>Ramirez, “Kaalangang Kulandong,” 44.

pa lamang tayo at marami pang gagawin upang maitaguyod nang masinsinan ang pagbubuo ng teolohiyang Pilipino.”<sup>24</sup>

Pero kung tutuusin mas malapit ang ating kultura sa Biblia kaysa sa mga taga-Kanluran. May pagkahawig ang ating kasaysayan sa karanasan ng mga Israelita.<sup>25</sup> Tulad natin, ang mga Israelita rin ay napasailalim sa mga dayuhang mananakop tulad ng Babilonia, Assyria, Persia, at Roma. Kaya malalim ang kanilang pandama sa kahirapan. Nauunawaan nila ang karanasan ng mga inalipin at pinagsamantalahan ng ibang bayan. Ito ang dahilan kaya mas marami pang mga hibik sa aklat ng *Mga Awit* kaysa mga pagpupuri. Ito’y gaya rin ng ating mga awitin na madamdamin at puno ng pagdadalamhati.<sup>26</sup> Kahit sa ating mga kontemporaryong OPM, marami sa mga ito ay “hugot songs” na tagos sa buto ang hapdi dahil “hinuhugot papalabas” mula sa “kaloob-looban” ng damdamin.<sup>27</sup> Ilan sa mga awitin natin ay puno ng dalamhati.

### Ang Lalim ng Dalamhati

Sa Ingles ay simple lang ang salitang dalamhati – “grief.” Kapag nahahatsing ang isang Amerikano, napapa “good grief!” siya. Pero malalim ang salitang dalamhati. Hindi natin kailanman ginagamit ang salitang dalamhati sa paghatsing o pag-ubo.

Ang salitang “dalamhati” ay binubuo ng dalawang salita – “dalam” (ilalim) at “hati” (atay). Sa pag-aaral na ginawa ng Filipino linguist na si Consuelo Paz, ipinakita niya na ang dalawang salitang ito ay ginagamit sa iba’t ibang wika sa Filipinas.<sup>28</sup> Sa mga cognate na binanggit ni Paz mula sa mga iba’t ibang wika sa ating bansa, ang kahulugan ng “\*dálem” ay “lalim, ilalim.”<sup>29</sup> Unang-una dito ang Pangasinan. Kapag sinabi naming “dalem,” ibig sabihin nun, ilalim. Sa Tagalog naman ang dalam ay dilim. At hindi malayo ang dalawa dahil ang dalamhati ay isang “matinding lungkot,”<sup>30</sup> malalim, napakadilim. Sa Ilokano ang dalem ay atay. Ito ang kahulugan ng salitang “hati.”

---

<sup>24</sup>José M. de Mesa, *Mabathalang Pag-aaral*, Academica Filipina Digital (Manila: Vee Press and DLSU, 2010), 10.

<sup>25</sup>Noriel C. Capulong, *Reading and Hearing: The Old Testament in Philippine Context* (Quezon City, Philippines: New Day Pub., 2003).

<sup>26</sup>Buenaventura S. Medina, *The Primal Passion: Tagalog Literature in the Nineteenth Century* (Manila: Centro Escolar University, Research and Development Center, 1976), 6. Ayon kay Medina, “Poetry evidently was the language of the early Tagalogs. And the quality of emotion that dominated folklore—poetry and prose, and then the deviative ritualistic theatre—defined its primary virtue: an agony that is a celebration of the Tagalog predilection for suffering.” “The poetic idiom that was and still is half of a pained cry and half of an ecstatic song.”

<sup>27</sup>Salamat kay Mark Joseph Pascual Santos sa pagbanggit nito sa akin nang binasa niya ang akdang ito bago ma-publish. Malaking tulong ang kanyang iba pang komento.

<sup>28</sup>Consuelo J Paz, “Bukal ng Emosyon,” in *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati: Essays on Well-Being, Opportunity/Destiny, and Anguish*, ed. Consuelo J Paz (Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 148–49.

<sup>29</sup>Tingnan ang Paz, “Bukal ng Emosyon,” 148–49.

<sup>30</sup>Paz, 148.

Ang “hati,” ayon sa pag-aaral ni Consuelo Paz, ay nangangahulugan ng “atay.” “Sa halos lahat ng mga wikang binanggit, ‘atay’ ang ibig sabihin ng mga cognate” maliban sa ilang wika.<sup>31</sup> Sa Tausug, maraming salitang ginagamit ang atay: “atay-itung”—maitim na puso, masamang intensyon; “atay-puti” walang kasalanan, sincere; taas-atay mayabang, matapobre; way-atay walang utang na loob.”

Ang dalawang salitang ito – “dalem” at “atay” – kapag pinagsama, ay “nagpapahiwatig ng matinding emosyon o pakiramdam na nagresulta ng kalungkutan o malungkot na eksperyens.”<sup>32</sup> Ang dalamhati ay “nararamdaman sa kaloob-looban o kailalim-laliman ng sarili—sa atay.”<sup>33</sup> Sa kanyang pag-aaral patungkol sa “language of mourning and depression,” nadiskubre ni Luciano Santiago, M.D., na ang salitang “dalamhati” ang pangunahin sa anim na Tagalog na salita na ginagamit ng mga pasyente niyang dumadaan sa depresyon.<sup>34</sup> Isa sa mga salitang ginagamit sa depression sa Ingles ay “depths.”<sup>35</sup>

Sa Tagalog, yung mga dumadaan sa malalaking problema ay sinasabing “may malalim na pinagdaraan.” Kasama ang lalim sa pang-unawa natin sa ating pagkatao. Ang “pagkataong Pilipino,” ayon kay Covar ay maaaring itulad sa isang banga – may labas, loob, at lalim.<sup>36</sup> Paliwanag ni Alejo patungkol sa lalim ng loob: “Ang lalim ay yaong pagkahulog ng pagdanas mula sa ibabaw pababa, patungo sa nakatago, liblib, hindi makita o matanaw sa pagyuko.”<sup>37</sup> Kung sa dagat, ang “kalaliman” ang pinakamahirap maabot. “Doon ay may isang uri ng kadiliman, loob na loob kaya nga nakapangangamba.”<sup>38</sup> Kung sa lawak, “maaari tayong maligaw; sa lalim, maaari tayong malunod.”<sup>39</sup> Kaya ang daing ng salmista:

1. “O Diyos, Iligtas mo, iahon sa tubig sa pagkalubog kong abot na sa leeg” (Mga Awit 69:1, MBB).
2. “Mula sa kalaliman, O PANGINOON, ako sa iyo’y dumaing!” (Mga Awit 130:1, ABB).

Ang dalamhati ay nararanasan sa pinakamalalim na bahagi ng ating loob. Pero sa kalaliman din ng ating loob, doon natin natatagpuan ang Panginoon. Sa mga panahong bagsak na bagsak na tayo, lubog na lubog na, doon natin nararanasan ang pagsagip

<sup>31</sup>Paz, 150.

<sup>32</sup>Paz, 150.

<sup>33</sup>Paz, 150.

<sup>34</sup>Luciano Santiago, “The Language of Mourning and Depression in Filipino and Its Indonesian and Malayan Cognates: Transcultural, Sociological, Historical, Artistic and Therapeutic Significance,” *Philippine Quarterly of Culture and Society* 21, no. 3 (1993): 277–78. Kasama sa anim ang hapis, hinaggis o haggis, lumbay, panglaw, pighati.

<sup>35</sup>William Styron, *Darkness Visible: A Memoir of Madness* (New York: Random House, 1990).

<sup>36</sup>Prospero R. Covar, “Kaalalang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino,” in *Mga Babasahin Sa Sikolinggwistikang Filipino*, ed. Lilia F Antonio, Anatalia G Ramos, and Albano-Aura Abiera (Quezon City, Philippines: C & E Publishing, Inc., 2011), 137.

<sup>37</sup>Alejo, *Tao Po! Tuloy: Isang Landas Ng Pag-Unawa Sa Loob Ng Tao*, 71.

<sup>38</sup>Alejo, 71.

<sup>39</sup>Alejo, 71.

ng ating Panginoon. Gaya ng pahayag ng salmista: “kung si Yahweh ay di pumanig sa atin ... maaaring kami noo’y natangay na niyong agos, naanod sa karagata’t tuluy-tuloy na nalunod” (Mga Awit 124:1, 4). Ang Awit 124 ay isang Awit ng Pasasalamat ng bayan. Isa itong awit ng pagdiriwang. Sa pagdiriwang at pasasalamat inaalala natin ang ating mga malalalim na pinagdaanan. Kaya may luwalhati dahil may dalamhati.

### **Dalamhati at luwalhati**

Kung ang dalamhati ay nangangahulugan ng malalim na kalungkutan, ang luwalhati ay nangangahulugan ng “lubos na kasayahan, kaligayahan.”<sup>40</sup> Ito ay tumutukoy sa isang “sukdulang kaligayahan”; gayon na lamang ang kaligayahang ito kaya’t nasasabing ito’y “langit.”<sup>41</sup> Sa Pangasinan, ang luwalhati ay liket: “Agaylay liket ko!” (O anong saya ko!).

Magkaugnay ang dalamhati at luwalhati. Kaya malalim ang kalungkutan (dalamhati) dahil minsan may naranasang abot langit na kasiyahan (luwalhati). Gaya rin ng sinabi ng makatang Lebanese-American na si Kahlil Gibran:<sup>42</sup>

*Your joy is your sorrow unmasked.*

*And the selfsame well from which your laughter rises was oftentimes filled with your tears.*

*And how else can it be?*

*The deeper that sorrow carves into your being,*

*the more joy you can contain.*

Sa kanyang mahusay na analisis ng tema ng dalamhati sa Ilokano epikong Lam-Ang, ipinakita ni MCM Santamaria na ang dalamhati ay nararanasan sa panahon ng pagkabigo. Nagkakaroon lamang ng kahulugan ang dalamhati dahil sa naunang karanasan ng tagumpay. “Grief happens at the time of loss. However, grief could only acquire meaning or resonance through its earlier expression, pursuit and gain.”<sup>43</sup> Kaya may dalamhati, dahil may luwalhati. Kaya may luwalhati, dahil may dalamhati.

---

<sup>40</sup>Paz, “Bukal Ng Emosyon,” 150.

<sup>41</sup>Virgilio S. Almario, *Pambansang Diksiyonaryo Sa Filipino* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2021).

<sup>42</sup>Kahlil Gibran, *The Prophet* (New York: Knopf, 1952), 36–37.

<sup>43</sup>Matthew Santamaria, “Lam-Ang: A Study of the Theme of Grief in Three Texts,” in *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati: Essays on Well-Being, Opportunity/Destiny, and Anguish*, ed. Consuelo J. Paz (Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 171.



## Dalamhati at Luwalhati sa Aklat ng Mga Awit

Isa sa mga interesanteng katangian ng mga hibik sa Biblia, partikular sa Aklat ng *Mga Awit*, ay ang biglaang pagbabago mula sa hibik tungong pagpupuri, mula dalamhati tungong luwalhati.<sup>44</sup>

a. Isang halimbawa ay ang Awit 13:

Nagsimula ang Awit 13 sa pagdadalamhati  
 “Hanggang kailan, Yahweh, ako’y iyong lilimutin?  
 Gaano katagal kang magtatago sa akin?  
 Gaano katagal pa itong hapdi ng damdamin  
 at ang lungkot sa puso kong gabi’t araw titiisin?  
 Kaaway ko’y hanggang kailan magwawagi sa akin?”  
 (vv. 1-2)

b. Nagwakas sa himig ng kagalakan at pagpupuri:

“Nananalig ako sa pag-ibig mong wagas,  
 magagalak ako dahil ako’y ililigtas.  
 O Yahweh, ika’y aking aawitan,  
 dahil sa iyong masaganang kabutihan.” (vv. 5-6)

Sa Awit 30 ay makikita rin natin ang biglaang pagbabago mula pagdadalamhati tungong pagpupuri.

c. pagdadalamhati:

Sa iyo, Yahweh, ako’y nanawagan,  
 nagsumamo na ako ay tulongan:  
 “Anong halaga pa kung ako’y mamamatay?  
 Anong pakinabang kung malibing sa hukay?

---

<sup>44</sup>Hindi lubos na magkapareho ang dalamhati at lament at ganun din ang luwalhati at praise. Ang dalamhati ay isang malalim na kalungkutan samantalang ang lament ay isang teknikal na term para sa uri ng mga Awit (type of psalms). Pero isa sa mga pangunahing “subjects” ng lament ay ang kahirapan sa sarili, sa tao, sa Diyos. Ito ay ayon kay Claus Westermann, *Praise and Lament in the Psalms*, trans. Keith R Crim and Richard N Soulen (Atlanta, GA: John Knox Press, 1981), 169–70. Ang dalamhati ay pwede nating sabihing ang pangunahing subject ng lament. Ang lament ay siya ring pamamaraan ng pagpapahayag ng kahirapang nararanasan. Ang maganda sa salitang dalamhati, dito rin nagmumula ang paraan ng kapahayagan ng kahirapan. Ang dalamhati ay ipinagdadalamhati.

Makakapagpuri ba ang mga walang buhay?  
Maipapahayag ba nila ang iyong katapatan?  
Pakinggan mo ako, Yahweh, at kahabagan,  
O Yahweh, ako po sana’y tulungan!” (vv. 8-10)

4. pagpupuri:


“Pinawi mo itong aking kalungkutan, pinalitan mo  
ng sayaw ng kagalakan!  
Pagluluksa ko ay iyong inalis,  
kaligayahan ang iyong ipinalit.  
Aawit sa iyo ng papuri at hindi ako tatahimik,  
O Yahweh, aking Diyos, pasasalamat ko’y walang patid.” (vv. 11-12)

### Mula Dalamhati Tungong Luwalhati

Ang tanong na pinag-ukulan ng maraming pag-aaral ay paano nagiging pagpupuri ang dalamhati? Maraming kasagutan na ang iminungkahi.<sup>45</sup> Ang biglaang pagbabago mula pagdadalamhati tungong pagpupuri sa aklat ng Mga Awit ay naging bahagi ng aking pag-aaral para sa aking doktoral na disertasyon.<sup>46</sup> Hindi ko tuwirang sinagot ang tanong kung ano ang naging sanhi ng pagbabago mula dalamhati tungong luwalhati dahil hindi ito ang focus ng aking disertasyon. Hindi ko rin makita ang kasagutan noon dahil Ingles ang salitang ginamit ko sa aking pagsusulat. Pero ngayon, matapos ang aking pag-aaral gamit ang ating sariling wika, aking napagtanto na makakatulong dito nang malaki ang ating pinag-aaralang dalamhati at luwalhati.

Kung papakiramdaman nating mabuti ang sinasabi ng ating wika, malalaman natin ang sagot sa kung paano nagiging pagpupuri ang dalamhati. Gaya ng dalamhati, ang luwalhati ay “galing din sa kalooban ng sarili.”<sup>47</sup> Ang dalamhati at luwalhati ay parehong nasa loob. Ang pagkakaiba ay ang luwalhati ay hindi nananatili sa loob. Ang luwalhati ay “iniluluwal mula sa kalooban, sa hati/atay.”<sup>48</sup>

Upang ang dalamhati ay maging luwalhati, kinakailangan itong iluwal:



<sup>45</sup>Villanueva, *The Uncertainty of a Hearing*, 4–27.

<sup>46</sup>Nailathala ang aking disertasyon at pinamagatang “*The Uncertainty of a Hearing: A Study of the Sudden Change of Mood in the Psalms of Lament* (Villanueva).

<sup>47</sup>Paz, “Bukal Ng Emosyon,” 150.

<sup>48</sup>Paz, 150.

Ang sagot sa ating tanong kung paano nagiging luwalhati ang dalamhati ay nasa dalamhati mismo. Upang maging luwalhati ang dalamhati, kinakailangan ang pagdadalamhati. Ang pagdadalamhati ay ang pagluluwal ng dalamhati.



Alam ng lahat ng mga ina kung gaano kasakit at kahirap ang magluwal. Ang salitang “pag” sa “pagdadalamhati” ay nangangahulugan ng paggawa, pagsasakatuparan. Sa pagdadalamhati, isinasagawa ang dalamhati at sa prosesong ito ang dalamhati ay nagiging luwalhati.<sup>49</sup>

Sa paghibik ng salmista sa Panginoon ng “hanggang kailan?” (Awit 13); sa kanyang pagdaing, pagsusumamo, at pagtaghoy, nagkaroon ng pagbabago sa kanyang kalooban. Sa Mga Awit 6, labis-labis ang pagdadalamhati ng salmista. Ang sabi niya, “gabi-gabi’y basa sa luha itong aking higaan, binabaha na sa kaiiyak itong aking tulugan” (v. 6, MBB). Ang pag-iyak ay kabiyak ng pagdadalamhati.<sup>50</sup> Pero makikita natin na sa dulo ng salmo may pagbabago. Ang dalamhati ay naging luwalhati. Mula sa pagkabagsak sa ilalim ng matinding kalungkutan, nakabangon ang salmista at buong tapang na hinarap ang kanyang mga kalaban: “Kayong masasama, ako’y inyong layuan, pagkat dininig ni Yahweh ang aking karaingan” (v. 8). Hindi maliwanag kung nagbago na nga ba ang kanyang kalalagayan. Maaaring hindi pa. Pareho pa rin sa labas. Pero sa loob, meron nang nagbago. Ang dalamhati ay naging luwalhati. At ito ay dahil ang salmista ay nagdalamhati.

### Pagdadalamhati sa Presensiya ng Diyos

Dito natin makikita na malaki ang tulong ng ating sariling kultura/wika sa pang-unawa ng Biblia patungkol sa mga hibik. Pero meron ding ambag ang kultura ng Biblia sa ating kultura. Hindi maliwanag sa dalamhati at luwalhati kung kanino iniuukol ang pagdadalamhati.<sup>51</sup> Pero sa hibik sa Biblia, ang pagdadalamhati ay ginagawa sa presensiya ng Diyos. Ang pagdadalamhati ay nagiging isang panalangin. Sa Diyos ibinubuhos ang sakit ng kalooban, inilalagak ang kabigatan. Ang Diyos ang

<sup>49</sup>Kahawig ito sa pananaw ni Friedrich Heiler, *Das Gebet: eine religionsgeschichtliche und religionspsychologische Untersuchung* (München: E. Reinhardt, 1920), 379–80.

<sup>50</sup>Mas makikita ito sa aklat ng Mga Panaghoy. Tingnan ang aking isinulat na Bible commentary: Federico G. Villanueva, *Lamentations: A Pastoral and Contextual Commentary*, Asia Bible Commentary (Carlisle, U.K.: Langham Global Library, 2016).

<sup>51</sup>Ang salitang dalamhati at pagdadalamhati ay ginagamit sa konteksto ng lamay, bilang bahagi ng pagluluksa. Subalit maaari ding gamitin ang “pagdadalamhati” para sa ibang mga karanasan, gaya ng pagkabigo sa pag-ibig, o pagkawala ng isang pangarap. Nagdadalamhati ang isang High School student na iiwanan ang kanyang probinsiya para pumuntang Maynila upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo.

karamay, kaagapay hindi lamang sa panahon ng kagalakan kundi lalo na sa matinding kalungkutan, dalamhati. At hindi nananatiling personal ang pagdadalamhati sa hibik sa Biblia; kasama ang komunidad sa pagdadalamhati (tingnan halimbawa: Mga Awit 44, 89).

Isa sa mga dahilan kung bakit nakayanan ng mga mananampalatayang Israelita sa Lumang Tipan ang napakarami nilang kasawian ay dahil marunong silang magdalamhati sa presensya ng Diyos kasama ang buong komunidad. Oo marunong silang magdiwang. Sa katunayan, bago pa mauso ang “praise and worship” na uri ng pagsamba, ginagawa na nila yun. Kumpleto sila ng lahat ng mga instrumento (basahin ang Awit 150).

Pero marunong din silang magdalamhati. Paliwanag ng biblikal iskolar na si Hermann Gunkel:

One does not always sing praises and give thanks; there is also a time to grieve and lament. Alongside the happy festivals of rejoicing in the community stand the days of lamentation. When crop failure, pestilence, and danger from the enemy afflicted the people, such a day of lamentation was observed. On such occasions all the people would assemble at the sanctuary, tear their clothes, fast, weep, lament, and sound the trumpet.<sup>52</sup>

### **Kakulangan sa pagdadalamhati**

Ang isang problema sa ngayon, kulang tayo sa pagdadalamhati.<sup>53</sup> Negatibo ang tingin natin sa dalamhati. Kahit na namatayan na, rejoicing pa rin. Lagi kong nakikita sa social media na kino-quote yung sinabi ni Job sa tuwing may namamatay: “The Lord gave and the Lord has taken away; blessed be the name of the LORD” (Job 1:21, ESV). Noong lockdown ang pinakasikat na verse sa mga online devotions na nadaluhan ko ay ang Filipinos 4:4 – “rejoice in the Lord always.” Ginawang literal ang “always.”

Noong Marso sa taong ito ay nagsalita ako sa isang national conference ng isang Christian organization. Kalulusob pa lamang ng Russia sa Ukraine noon. Grabe. Para bang hindi pa sapat ang mga paghihirap natin sa pandemya, dinagdagan pa ng giyera. Pero sa gitna ng lahat ng mga hirap at saklap ng pinagdaraan ng maraming tao sa mundo, ang unang-unang inawit sa national conference ay yung kanta ni Matt Redman na 10,000 Reasons. Ganito ang sabi ng chorus:

---

<sup>52</sup>Hermann Gunkel, *The Psalms: A Form-Critical Introduction* (Philadelphia: Fortress Press, 1967), 13.

<sup>53</sup>Ang tinutukoy ko sa “tayo” ay ang mga ebangheliko o protestanteng Kristiyano. Tinalakay ko ang kakulangan natin sa pagdadalamhati sa aklat na *It's OK to Be NOT OK: The Message of the Lament Psalms* (Manila: OMF Literature, 2012).

Bless the Lord, O my soul,  
 O my soul, worship His holy Name.  
 Sing like never before, O my soul.  
 I'll worship Your holy Name.

Dumalo rin ako sa pagtitipon ng mga theological educators sa Asia. Sa dami-dami ng pwedeng ipakanta, isa lamang ang ipinaawit sa isa sa mga worship times – ang “10,000 Reasons.” Dito natin makikita na ang kakulangan sa lament ay hindi lang matatagpuan sa ating konteksto. Hindi ang kulturang Pilipino ang may suliranin. Ito po ay kumakatawan sa pangkalahatang kultura ng mga Krisiyano, na kung saan may malaking pagkakahiwalay sa realidad ng mundo.<sup>54</sup> Nakausap ko ang isa sa mga dumalo mula sa Sri Lanka. Sobrang hirap daw ang kalalagayan nila doon. Wala nang makain ang marami, masuwerte ka pag nakakakain ka pa sa isang araw. Paano tayo makakaawit ng “Bless the Lord, O my soul” at susundan pa ng “Sing like never before”? Hindi ko maintindihan! Sa totoo lang.

Lagi rin nating naririnig, “God is good, all the time!”<sup>55</sup> Oo, tama naman yun. Pero wala bang lugar para magdalamhati ang mga Kristiyano? Sa lahat ba ng panahon ay ang tugon dapat pagpupuri? Hindi ba mismo ang ating Panginoon nagdalamhati? Sumigaw siya ng “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?” (Matt 27:46). Ito ay mula sa hibik sa Mga Awit 22:1. Hindi nag-“rejoice always” si Jesus. Nag-lament din siya. Mismong si Apostol Pablo na nagsabing “rejoice always” ay nagsabi rin na “makitangis sa mga tumatangis” (Rom 12:15).

#### Pagdadalamhati ang Tugon sa Kasawian

Sa Biblia, ang tugon sa pagkawala ng buhay ay pagtangis o akis sa Pangasinan. Si Job, pagkatapos niyang sabihin ang sikat na linyang, “the Lord giveth, the Lord taketh away,” nagdalamhati siya nang matindi sa Job 3. Sinumpa niya ang araw ng kanyang pagkasilang (Job 3:1). At ang mga sumunod na maraming kabanata sa kanyang aklat ay punung-puno ng pagdadalamhati. Bakit yung chapter 1 lang ng aklat ng Job ang kino-quote natin? Mismong ang ating Panginoon ay tumangis ayon sa pinakamaikling verse sa buong Biblia – Juan 11:35 – “tumangis si Jesus.”

---

<sup>54</sup>Nagpapasalamat ako kay Honorina Lacquian sa pagbabahagi sa aking ng mahalagang puntong ito.

<sup>55</sup>Naalala ko yung ginawa ng head ng pinakamalaking baptist denomination sa ibang bansa. Habang marami sa kanyang mga kababayan ay hirap na hirap humanap ng oxygen tank para sa naghihingalong mahal sa buhay (naranasan ko ito nang ma-covid ang aking buong pamilya matapos mamatay ang aking ama sa covid), nag-post siya ng isang video na kung saan siya at kasama ng kanyang music team ay kumakanta na “God is good, all the time.”

Dito makakatulong ang ating wika. Marami tayong salita sa Tagalog para sa English word na lament:

- I. pagdadalamhati
- II. pagtaghoy
- III. pagdaing
- IV. paghibik
- V. pagtangis
- VI. paghikbi
- VII. paghimutok

Ibig sabihin nito, napakarami nating pamamaraan ng pagpapahayag, pagdama, at pagkaunawa ng lament. Ang problema, dahil panay Ingles lang ang gamit natin, nauwi tayo sa lamenting. Pero kung titingnan natin ang ating mga iba't-ibang salita patungkol sa lament, lalong lumalabas ang lalim ng ating pandama at pang-unawa sa hirap at sakit na pinagdaraan natin. Ang mga salitang ito ay nagpapahayag ng matinding kahirapan o sakit.

Ang **pagtaghoy** ay galing sa ugat na salitang “taghoy,” na ang ibig sabihin ay malakas na sigaw dahil sa matinding hirap o sakit. Ito ang salitang ginamit sa Noli Me Tangere upang ilarawan ang pagdadalamhati ni Sisa sa pagkawala ng mga anak niyang sina Crispin at Basilio.

Ang **pagdaing** ay nagpapahiwatig ng matinding kahirapan. Kaya dumadaing dahil may iniindang matinding sakit.

Ang **pagtangis** ay tanda ng pagdadalamhati, halimbawa sa yumaong mahal sa buhay. Samantlang ang **himutok** ay “sigaw ng kabiguan, kasawian, or matinding kalungkutan.”<sup>56</sup>

Ang **paghikbi** ay isa ring pag-iyak na mas matindi halos hindi ka na makahinga. Ito ay impit na iyak. Hindi to pabulahaw bagkus ito ay ang pag-iyak na paloob kaya masakit sa dibdib. Para kang nakalunok ng sinigwelas at bumara sa pagitan ng mga butas ng lalamunan at ng hingahan.<sup>57</sup>

Lahat ng mga salitang ito na nabanggit ay nagsasabi na may matinding suliranin. Mahalaga ang pagdadalamhati, pagdaing, pagtaghoy, pagtangis, paghimutok, at paghikbi dahil ipinapakita ng mga ito na merong matinding problema. Gaya ng sinabi ng Walter Brueggemann, ang lament ay nagsasabi na “Things are not right in the

---

<sup>56</sup>Almario, *Pambansang Diksiyonaryo sa Filipino*, s. v. “Himutok”.

<sup>57</sup>Ito ang personal na paglalarawan ni Lacquian sa hibik.

present arrangement.”<sup>58</sup> Mahalaga ito dahil ang anumang uri ng kagalingan – personal man yan o panlipunan – ay nagsisimula sa pagkilala na mayroon tayong sakit o problema. Ang unang hakbang sa kagalingan ay ang pag-amin na meron tayong sakit. Kahit na gaano pa kagagaling ang mga doktor kung hindi natin aaminin na meron tayong sakit, wala ring mangyayari. Gaya ng sabi ni Judith Newman sa kanyang aklat na *Trauma and Recovery*, hindi makakaranas ng kagalingan ang taong dumaan sa trauma kung hindi siya makapagdalamhati: “To the extent that the patient is unable to grieve, she is cut off from a part of herself and robbed of an important part of her healing.”<sup>59</sup>

Sa dalamhati, nahihwalay tayo hindi lamang sa mahalagang bahagi ng ating sarili kundi maging sa ating kapwa. Sa pagdadalamhati, muli tayong bumabalik sa ating sarili at sa ating kapwa. Sa ating pagdadalamhati nagiging bukas tayo sa pagdadalamhati ng iba. The more we are in touch with our own pain, the more we feel the pain of others.

### Ang Pagdadalamhati ay Tanda ng Pagiging Mabuti

Hindi lang tayo nagdadalamhati para sa ating sarili, kundi para sa iba. Ang sabi ni Jesus, “Pinagpala ang mga nagdadalamhati, sapagkat aaliwin sila ng Diyos” (Matt. 5:4). Hindi binanggit dito kung ano ang dahilan ng pagdadalamhati. Pero sa konteksto, maaaring ito ay bunsod ng kahirapan. Sa naunang talata ang sabi ay “Pinagpala ang mga taong walang inaasahan kundi ang Diyos” (v. 3). Kadalasan ang mga mahihirap ay wala nang ibang maaasahan. Pero ang pagdadalamhati ay maaari ding tumukoy sa mga kahirapang daranasin natin dahil sa ating pagsunod sa ating Panginoon, kasama na rito ang mga pag-uusig (Matt 5:11).<sup>60</sup>

Halimbawa, yung pag-uusig na daranasin natin kapag nilalabanan natin ang mga kasinungalingan. Sabi ni Pablo ang tunay na may pag-ibig ay yaong nasusuklam sa masama: “Kasuklaman ninyo ang masama at pakaibigin ang mabuti” (Rom 12:9). Wika ng salmista: “Aking kinapopootan at kinasusuklaman ang kasinungalingan” (Awit 119:163). Dagdag pa niya: “Parang agos na ng batis ang daloy ng aking luha, dahilan sa mga taong sa utos mo’y sumisira” (Awit 119:136). Kung may nakikita na tayong

---

<sup>58</sup>Walter Brueggemann, “The Costly Loss of Lament,” in *The Psalms and the Life of Faith*, ed. Patrick D Miller (Minneapolis: Fortress Press, 1995), 105. Tinalakay ko ang three seasons of life at ang application nito sa atin sa aking aklat. Federico G Villanueva, *It’s OK to Be Not OK: Preaching the Lament Psalms*. (Carlisle: Langham Creative Projects, 2017).

<sup>59</sup>Judith Herman, *Trauma and Recovery: The Aftermath of Violence—from Domestic Abuse to Political Terror* (New York: Basic Books, 1992), 188. Binigyan niya ng diin na kinakailangang ipagdadalamhati natin ang lahat ng ating kabiguan upang maranasan ang kagalingan: “Only through mourning everything that she has lost can the patient discover her indestructible inner life.”

<sup>60</sup>Dahil si Jesus na ating sinusunod ay siyang daan, katotohanan, at ang buhay, malamang na makakaranas tayo ng mga pag-uusig. Bilang tagasunod ni Kristo na siyang katotohanan, pinapahalagahan natin ang katotohanan at kinamumuhian ang kasinungalingan. Galit ang Diyos sa mga sinungaling. Sa impiyerno ang punta nila (Pah 21:8). Tinawag ni Jesus ang diyablo na “ama ng kasinungalingan” (Jn 8:44).

masamang ginagawa, kung nakikita na nating lantaran na ang mga kasinungalingan at hindi man lang tayo naapektuhan, bagkus ay natutuwa pa tayo, malaki ang problema sa ating Kristiyanismo. Katulad lamang tayo ng parrot na binanggit ko sa simula.

Ang gayahin natin ay ang may-akda ng Awit 10. Nagdalamhati siya nang makita ang mga mayayabang na masasama na pinapaslang at pinagsasamantalahan ang mga “walang kamalay-malay” (v. 8). Ang mga masasama ay parang mga malulupit na hayop:

*Para silang leon na nasa taguan,  
mga kawawang dukha’y inaabangan,  
hinuhuli ang mga ito sa kanilang bitag,  
at pagkatapos ay kinakaladkad.  
Dahan-dahan silang gumagapang,  
upang biktimahin ang mga mahihina.* (vv. 9-10)

Gayon na lamang ang kanyang pagmamalasakit sa mga mahihirap na humibik siya sa Diyos ng ganito: “Bakit napakalayo mo, Lord, kung kelan kami may problema, saka ka naman nagtatago?” (Awit 10:1, PV). Nagtampo siya kay Lord dahil siya lang ang takbuan ng mga inaapi kapag nahihirapan (Awit 9:9). Pero pakiramdam niya nagtatago lamang ang Panginoon kaya’t di niya napigilang magtanong siya sa Diyos ng “Bakit?”

Isinulat ang Awit 9-10 mula sa karanasan ng mga dukha.<sup>61</sup> May sampung mga salita para sa mga dukha sa salitang Hebreo sa Aklat ng Mga Awit. Anim sa mga ito ay matatagpuan sa Awit 10.<sup>62</sup> Ang aklat ng mga Awit ay binuo ng mga tinatawag ng eskriba. Kabilang sila sa mga elite. Sila ang katumbas ng mga may PhD o doctorate sa panahon natin, mga intelektuwal, mga marurunong at bihasa sa kaalaman. Mataas ang kanilang kalalagayan sa lipunan. Di tulad ng mga mahihirap, meron silang kakayanan upang ipagtanggol ang kanilang sarili. Subalit pinili nilang makiisa sa mga mabababa. Nagsalita sila mula sa ibaba. Kanilang dinala ang kalalagayan ng mga aba. At gamit ang kaloob na karunungan tinanggap nila, lumikha sila ng mga salmang tumutuligsa sa mga mapagsamantala upang mabigyang-tinig ang daing at dalamhati ng mga api’t ulila.

Marami sa atin dito ay nag-aaral ng teolohiya. Merong mga nakatapos na ng doctoral studies. May PhD, ThD, at iba’t iba pang D. Pero para saan ba lahat ng ito?

---

<sup>61</sup>Ang Awit 9-10 ay iisang awit. Ito ay kinatha gamit ang Hebreong alpabeto. Mula Awit 9, nagsimula sa letrang “Aleph” (katumbas ng “A”) at nagwakas sa huling talata ng Awit 10 sa letrang “Tau” (katumbas ng “Z”).

<sup>62</sup>Federico G. Villanueva, “‘Break the Arm of the Wicked!’ Understanding the Imprecations in Psalm 9/10,” in *Scripture and Service: Essays in Honor of Joseph Too Shao*, ed. Samson L. Uytanlet (Valenzuela City: Biblical Seminary of the Philippines, 2019), 171–72.



Para saan ba ang pag-aaral ng theology? Hindi ba't upang tulad ng salmista ay gamitin natin ito para sa mga mabababa? At higit sa lahat ay sundan ang misyon ni Kristo na naparito upang “palayain ang mga inaapi” (Luk 4:18, MBB).

Sana’y maging gayon din ang bawat nagpapakabihasa sa Biblia, teolohiya! Isang mapagpalang ika-70 anniversary po sa inyong lahat!

**Federico G. Villanueva** serves as the Regional Commissioning Editor for Langham Publishing and Scholar Care Coordinator for Langham Scholars in Asia. He teaches part time at the Ateneo de Manila University and Asia Graduate School of Theology. He has written several books, including *It's OK to be Not OK: The Message of the Lament Psalms and commentaries on Psalms and Lamentations*.